

Iniba ng Lungsod ang pangalan ng Dixie 407 Sports Park sa Emancipation Park, at ipinoproklama ang Agosto bilang Buwan ng Emansipasyon sa Brampton

BRAMPTON, ON (Agosto 1, 2020) – Sa Hulyo 8, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang nagpasa ng mosyon na ibahin ang pangalan ng Dixie 407 Sports Park sa Emancipation Park bilang parangal sa pagtanggap ng pang-aalipin. Ang panukala ay ginawa ng Konsehal ng Lungsod na si Charmaine Williams, at isinumite ng lahat ng kasapi ng Konseho. Sa taon na ito, ipinroklama ang Agosto 1 bilang Araw ng Emansipasyon sa Brampton, at ang Agosto ay ipinroklama bilang Buwan ng Emansipasyon sa Brampton.

Emancipation Park

Ang Dixie 407 Sports Park ay binigyan ng ibang pangalan na Emancipation Park. Ang parke na nasa timog ng Highway 407 sa Ward 7, ay itinayo noong 2004 at kinabibilangan ng maliit at malalaking soccer pitches, at cricket grounds.

Isisiwalat ni Mayor Patrick Brown at ng mga Konsehal ang sign ng bagong pangalan ng parke sa Agosto.

Buwan ng Emansipasyon

Ang Agosto 1 ay Araw ng Emansipasyon, at ang Agosto ay ang Buwan ng Emansipasyon sa Brampton. Committed ang Lungspd sa pagdiriwang sa pagkakaiba-iba sa Lungsod at pagpaparangal nitong mahalagang araw at buwan na may mga event sa kabuuan ng Agosto. Para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19, idadaos online ang lahat ng event. Para sa kumpletong talaan ng mga event, bisitahin ang www.brampton.ca.

Ang birtwal na pagtaas ng watawat ay magaganap sa Agosto 1 para sa Araw ng Emansipasyon, Agosto 6 para sa Araw ng Kalayaan ng Jamaica, Agosto 22 para sa Araw ng Dominican Republic Restoration, at Agosto 31 para sa Araw ng Kalayaan ng Trinidad and Tobago. Ang lahat ng birtwal na pagtaas ng watawat ay makikita online [dito](#).

Ang Pagbibigay Kapangyarihan sa Lipunan, Kultura at Ekonomiya sa Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Iitim ng Brampton

Noong Hunyo 10, 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang Pagbibigay Kapangyarihan sa Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Iitim. Pinangunahan ng Senior Advisor, na si Gwyneth Chapman, ang Unit ay susuporta at mangunguna sa pagtatatag ng establisyemento ng Unit na bubuo ng plano ng aksyon nito na tanggalin ang systemic na rasismo kontra Iitim sa Brampton. Ginabayan ng mga stakeholder ng lokal na komunidad, ang trabaho ay isesentro sa pagpapaangat ng sosyal, kultural, at pang-ekonomiyang posisyon sa komunidad ng mga Iitim sa Brampton.

Para malaman ang iba pa o para ipahayag ang interes sa pakikilahok habang binubuo ng Lungsod ang Unit na Kontra Rasismo sa Iitim, mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod sa

Mga Quote

“Sa mundo, nasasaksihan natin ang makasaysayang sandali sa panahon. Ang mga tao sa lahat ng background ay nagtitipon-tipon para magkasamang harapin ang systemic na rasismo laban sa Itim. Dito sa Brmpton, ang pagpupugay sa Araw ng Emansipasyon at pagpapangalan ng parke ng Lungsod na Emancipation Park ay isang makapangyarihang paraan para sa atin na tanggalin ang nakaraan at sabihin ulit na tayo ay tumatayo kasama ng komunidad ng Itim sa Brampton’.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang unang babaeng Itim na napili sa konseho ng lungsod sa kasaysayan ng Brampton, ipinagmamalaki ko na ipanukala ang mosyon na lumikha ng pagkikilala sa Emansipasyon noong Oktubre 2019. Ang mga kaganapan kamakailan na nagpaangat sa pang-unawa na ang rasismo Kontra Itim ay maaaring hindi nakinita nang ipinasulong ko ang inisyatibang ito. Gayunpaman, ipinagmamalaki kong sabihin na ang Brampton ay tahanan ng Emancipation Park. Sa abot ng aking kaalaman, ito ang unang Emancipation Park saanman sa Canada. Inaasahan kong makita ang mas maraming inisyatiba na nagdadagdag ng ating makasaysayang pang-unawa sa ugat ng rasismo kontra Itim habang nagsisikap tayo na tapusin ang balakid na pumipigil sa makataong potensyal.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8*

“Sa nakaraang buwan, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang paglikha ng Pagbibigay Kapangyarihan sa Lipunan, Kultura at Ekonomiya ng Black African at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Itim para kumonekta sa komunidad ng Itim sa Brampton at iangat ang kanilang, panlipunan, pangkultura, at pang-ekonomiyang posisyon. Ngayon, isang maikling buwan ang nakalipas, binigyan natin ng ibang pangalan ang parke ng komunidad para i-highlight itong mahalagang parte ng ating kasaysayan. Pasulong, magpapatuloy tayo sa pagsisikap na tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad ng Itim..”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8*

“Ang pagpaparangal sa Buwan ng Emansipasyon at pagbibigay ng ibang pangalan sa isang parte ng Emancipation Park ng Brampton ay isang malaking mga hakbang pasulong para sa Brampton. Mahalaga para sa mga tao na malaman ang kasaysayan at maunawaan na tao ay may pang-aalipin sa Canada. Ang mga galaw tulad ng pagbibigay ng ibang pangalan sa parke ay nagbibigay sa akin ng malaking tiwala na gagawin natin ang malaking progreso sa Brampton.”

- *Gwyneth Chapman, Senior Advisor, Pangbibigay Kapangyarihan sa Ekonomiya at Kontra Rasismo sa Itim, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/anti_black_racism), [Facebook](https://www.facebook.com/anti_black_racism), at [Instagram](https://www.instagram.com/anti_black_racism). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca